Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang Elections BC

Toll-free: 1-800-661-8683
(kapag nasa North America)
TTY: 1-888-456-5448

Mailing Address:
PO Box 9275 Stn Prov Govt
Victoria, BC V8W 9J6

Telepono: 250-387-5305
Fax: 250-387-3578
Toll-free Fax: 1-866-466-0665

Email: electionsbc@elections.bc.ca
Website: elections.bc.ca

I-scan ang code na ito o magpunta sa elections.bc.ca/register para magrehistro online.

ELECTIONS BC
A non-partisan Office of the Legislature

TEKNOLOHIYANG GINAGAMIT SA BOTOHAN

ELECTIONS BC
A non-partisan Office of the Legislature

ANG TEKNOLOHIYA AT ANG PROSESO NG PAGBOTO

Ang Elections BC ay gumagamit ng napatunayang teknolohiya para pamahalaan ang provincial elections. Ang teknolohiya ay nakakatulong na gawing mas mabilis, mas madali, at mas secure ang proseso ng pagboto.

DIGITAL NA LISTAHAN NG MGA BOTANTE

Ang laptop computers ay ginagamit para:

- i-check in ang mga botante,
- irekord ang impormasyon tungkol sa rehistrasyon ng botante, at
- kanselahin ang mga pangalan ng mga botante sa listahan ng mga botante pagkatapos nila bumoto.

Sinisigurado nito na ang eligible na mga botante lamang ang boboto, at na isang beses lamang sila boboto.

TABULATORS

- Ang tabulators ay ginagamit para bilangin ang mga papel na balota na de-kamay na minarkahan ng mga botante.
- Ang tabulators ay matagumpay na ginamit sa provincial by-elections sa B.C., sa iba pang provincial elections sa Canada, at sa municipal elections sa B.C.
- Ang tabulators ay hindi kailanman konektado sa internet.
- Ang tabulators ay tinetesting bago at pagkatapos silang gamitin. Ang mga kinatawan ng kandidato ay iniimbitang obserbahan ang mga test na ito.

ANG MGA BENEPISYO NG PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

- **Mas mahusay na serbisyo** – mas mabilis at mas madaling masisilbihan ng mga opisyal ng eleksyon ang mga botante, at ibig sabihin nito'y mas maikli ang paghihintay kapag pumipila.
- **Kawastuhan ng eleksyon** – oras na nakaboto ka na, electronic na kakanselahin ng mga opisyal ng eleksyon ang iyong pangalan sa listahan ng mga botante. Pinapaalam nito sa ibang mga lugar ng botohan kung sino ang bumoto para walang táong makakaboto nang dalawang beses.
- **Mas mabilis na mga resulta** – pagkatapos magsara ng botohan, mabilis na irereport ng mga opisyal ng eleksyon ang mga resulta gamit ang electronic tabulators para bilangin ang mga papel na balota.
- **Mas maraming boto ang mabibilang sa gabi ng eleksyon** – ang lahat ng mga boto sa eleksyon ay bibilangin, sa unang pagbilang man (sa gabi ng eleksyon) o sa huling bilangan (makaraan ang mga isang linggo). Pahihintulutan ng electronic strike-off at tabulators na mabilang at maireport ang karamihan ng absentee ballots sa gabi ng eleksyon.